# "TEACHER 1 KA LANG?"

*by:*
**Clarissa C. Domingo**
*Teacher I, Limay Elementary School*

Maraming beses nang narinig ang pariralang "Teacher 1 ka lang?" na parang minamaliit ang kahalagahan ng mga guro lalo na kung ang posisyon ng guro ay Teacher 1 pa lamang at lalo na kung matagal na siyang nagtuturo. Subalit, sa kabila ng ranggong ito, ang isang Teacher na kahit nasaang posisyon ay hindi lang basta guro; sila'y mga haligi ng edukasyon at tagapaghubog ng kabataan. Ang bawat Teacher, anuman ang ranggo ay may mahalagang papel sa pagbibigay ng pundamental na edukasyon sa mga mag-aaral. Sila ang unang nagtuturo ng mga batayang kaalaman at kasanayan sa pagbabasa, pagsusulat, at pagbilang. Ang mga kasanayang ito ang nagiging pundasyon ng mas mataas pang antas ng edukasyon. Sa mga simpleng aralin na kanilang itinuturo, sila ang bumubuo sa mga pangarap ng kanilang mga estudyante.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sila rin ay nagsisilbing pangalawang magulang sa kanilang mga mag-aaral. Ang kanilang malasakit at pagmamahal ay nararamdaman ng bawat batang pumapasok sa silid-aralan. Sa bawat pag-iyak at problema ng isang mag-aaral, nariyan sila upang umalalay at magbigay ng suporta. Ang kanilang mga payo at aral sa buhay ay nagbibigay gabay sa mga batang nahaharap sa iba't ibang pagsubok. Ang kanilang malasakit ay hindi nasusukat sa ranggo o sweldo; ito ay nakikita sa kanilang mga gawa at pagmamahal sa kanilang mga estudyante.

Sa kabila ng kanilang mababang ranggo at limitadong sweldo, ang mga Teacher 1 ay hindi tumitigil sa pag-aaral at pag-unlad. Patuloy silang nag-aaral, dumadalo sa mga seminar, at sumasailalim sa iba't ibang pagsasanay upang mas mapahusay ang kanilang kaalaman at pamamaraan ng pagtuturo. Ang kanilang dedikasyon at sakripisyo ay

nagbibigay inspirasyon sa marami. Sa bawat hakbang ng kanilang propesyonal na pag-unlad, kanilang pinapakita ang kanilang pangako sa pagbibigay ng dekalidad na edukasyon.

Ang mga Teacher 1 ay din aktibong kalahok sa komunidad kaya din ng mga guro na may mataas na ranggo. Sila ay mga lider at tagapamagitan sa pagitan ng paaralan at ng komunidad. Ang kanilang partisipasyon sa mga community activities ay nagpapalakas sa ugnayan ng paaralan at ng komunidad. Sa bawat proyekto at programa na kanilang sinusuportahan, kanilang pinapakita ang kanilang dedikasyon hindi lamang sa paaralan kundi pati na rin sa buong komunidad.

Sa pagharap sa mga hamon ng modernong panahon, ang mga Teacher 1 ay kailangang maging handa sa pagbabago. Sa pag-usbong ng teknolohiya, kanilang tinutugunan ang pangangailangan na magkaroon ng makabagong pamamaraan ng pagtuturo. Ang paggamit ng mga teknolohikal na kagamitan at online platforms ay kanilang pinapakinabangan upang mas mapadali at mapabisa ang kanilang pagtuturo. Sa kabila ng limitadong resources, ang kanilang kakayahang mag-adapt ay patunay ng kanilang husay at kahusayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kabila ng lahat ng ito, madalas pa rin nilang naririnig ang "Teacher 1 ka lang?" na tila ba walang halaga ang kanilang mga kontribusyon. Subalit, kung titingnan natin ang epekto ng isang Teacher 1 sa lipunan, makikita natin na sila ay mga bayani sa bawat batang natututo at nangangarap. Sa kanilang mga kamay nakasalalay ang kinabukasan ng ating bansa. Ang bawat aralin na kanilang itinuturo, bawat payo na kanilang ibinibigay, at bawat suporta na kanilang ipinapakita ay nag-iiwan ng tatak sa buhay ng bawat estudyante.

Kaya't ang pariralang "Teacher 1 ka lang?" ay dapat baguhin bilang "Teacher 1 ka, bayani ka." Ang kanilang dedikasyon, pagmamahal, at sakripisyo ay hindi nasusukat sa ranggo o sweldo. Sila ay mga huwaran ng tunay na serbisyo publiko at pag-aalay ng sarili

para sa kapakanan ng kabataan at ng buong lipunan. Ang kanilang kontribusyon ay hindi mapapantayan at hindi dapat maliitin. Sila ay tunay na mga bayani ng edukasyon, ang mga haligi ng ating kinabukasan.

*References:*

Balagtas, M. U. (2015). Teaching in the Philippines: A mission and a profession. Katha Publishing Co.,
Inc.
Pids. (n.d.). PIDS - Philippine Institute for Development Studies.

https://www.pids.gov.ph/publications/6965](https://www.pids.gov.ph/publications/6965

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan